MotoLyrics

MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Gloc9
# "Lando"

Visit "Lando" on MotoLyrics.com

CHORUS

HUWAG KANG MABAHALA MAY NAGBABANTAY SA DILIM
NAG-AABANG SA SULOK AT MAY HAWAK NA PATALIM
DI KA HAHAYAAN NA MULI PANG MASAKTAN
HUWAG KANANG MATAKOT SA DILIM

ITOY KWENTONG HANGO
NANGGALING SA DALAWANG TAONG
NAGMAMAHALAN NG TUNAY
ANG NGALA'Y ELSA AT LANDO
AT KAHIT PARANG ANG PAGKAKATAON AY NAKAKANDADO
DAHIL MAGKALAYO ANG URI NG BUHAY
ANG ESTADO NG BUHAY NI LANDO AY DINA LALAYO SA MARAMI
SINUNUG NG ARAW ANG KULAY NG BALAT
AT MARAMI NANG GALON NG PAWIS ANG KANYANG NAIDILIG SA LUPA
UPANG ANG GUTOM AY DI NA MASUKLIAN PA NG LUHA
HABANG ANG KANYANG BABAENG MINAMAHAL AY SAGANA
NGUNIT KABILANG SA PAMILYA NA DI ALINTANANG
MAKIPAG KAPWA TAO SA TULAD NIYANG DUKHA
GAYON PA MA'Y PATULOY ANG PAGMAMAHAL NA PINUNLA NG PAG-IBIG

CHORUS

HUWAG KANG MABAHALA MAY NAGBABANTAY SA DILIM
NAG-AABANG SA SULOK AT MAY HAWAK NA PATALIM
DI KA HAHAYAAN NA MULI PANG MASAKTAN
HUWAG KANANG MATAKOT SA DILIM

KAHT NA ANO MANG BAGAY ANG PILIT NA IHADLANG
AT SINO MAN AY WALANG MAKAPIPIGIL SA PAGHAKBANG
NG MGA PAA NA ANG NAIS AY MARATING ANG LIGAYA
NIYAYANG MAGTANANA DI NAG-ATUBILI NA SUMAMA
HAWAK ANG PANGARAP AT PANGAKO SA ISA'T ISA

NAGPAKALAYO-LAYO DI NAMUHAY NG MAY KABA
DAHIL ALAM NILANA SA BAWAT ISA'Y NAKALAAN
AT PAGMAMAHALAN TANGI NILANG SINASANDALAN
WALA NANG IBANG BAGAY PA SILANG MAHIHILING
KUNG DI ISANG PAMILYA SA LOOB NG APAT NA DINGDING
AT ISANG BUBONG NA MAAARING TAWAGING TAHANAN
BAKIT MAY PANGIT NAKABANATANG KAILANGANG DAANAN PA

CHORUS
HUWAG KANG MABAHALA MAY NAGBABANTAY SA DILIM
NAG-AABANG SA SULOK AT MAY HAWAK NA PATALIM
DI KA HAHAYAAN NA MULI PANG MASAKTAN
HUWAG KANANG MATAKOT SA DILIM

ISANG GABI NG HUWEBES LUMUBOG NA ANG ARAW
DOON TAYO MAGKITA PASALUBONG KO'Y SIOPAO
UPANG ATING PAGHATIAN PAGDATING NG HAPUNAN
MAYRO'N PALANG NAKAABANG SA 'MIN NA KAMALASAN
ESKINITA SA ERMITA MAY SUMAKSAK KAY ELSA
SA TAGILIRAN ISANG MAKALAWANG NA LANSETA
ANG GAMIT UPANG MAKUHA LANG ANG KANYANG PITAKA
KAMI'Y MAHIRAP LAMANG BAKIT DI NA SIYA NAAWA
HINDI KO NAABUTANG BUHAY ANG AKING MAHAL
AT HANGGANG SA HULING HANTUNGAN AY NAGDARASAL
BAKIT PO, BAKIT PO ANG LAGING LUMALABAS SA AKING BIBIG
PALBOY-LABOY NI WALANG LANDAS AKONG SINUSUNOD
BALIW SA MATA NG MARAMI
SIGURO NGA DI KO NA KILALA ANG AKING SARILI
PANGALA'Y TAONG GRASA MAY PATALIM NA GAMIT
AT ANG TANGING ALAM AY ISANG MALUNGKOT NA AWIT AT ANG SABI'Y

CHORUS

HUWAG KANG MABAHALA MAY NAGBABANTAY SA DILIM
NAG-AABANG SA SULOK AT MAY HAWAK NA PATALIM
DI KA HAHAYAAN NA MULI PANG MASAKTAN
HUWAG KANANG MATAKOT SA DILIM

HUWAG KANANG MATAKOT SA DILIM

Visit Gloc9 page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.

MotoLyrics.com | Lyrics, music videos, artist biographies, releases and more.